# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*ISPESYAL NA ISYU* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *26 DISYEMBRE 2018*


# Ipagdiwang ang ika-50 Anibersaryo ng PKP nang may higit na kapasyahang dalhin sa tagumpay ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan!


Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan
Disyembre 26, 2018


May isang libo't isang dahilan tayo na ipagdiwang at masayang salubungin ang ginintuang anibersaryo ng muling-tatag na Partido Komunista ng Pilipinas. Sa loob ng 50-taong buhay-at-kamatayang pakikibaka, itinampok ng ating Partido ang wasto at matatag na pamumuno sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino upang makamit ang pambansang kalayaan at demokrasya mula sa saklot ng malapyudal at malakolonyal na sistema ng naghaharing malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa't mga burukratang kapitalista.

Marxismo-Leninismo-Maoismo ang dakilang tanglaw ng Partido sa pagsusulong ng kasalukuyang bagong demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas na may sosyalistang hinaharap. Ang teorya at ideolohiya ng MLM ang naging makapangyarihang sandata natin upang bigyan ito ng dinamikong buhay sa kongkreto at ispesipikong kundisyon ng lipunan at rebolusyong Pilipino.

Sa pagkakatatag pa lamang ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 1968—mahigpit na tangan na nito ang pangangailangang isulong ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan bilang pangunahing anyo ng pakikibaka kaalinsabay ng pagsusulong ng parlamentaryong pakikibaka bilang pumapangalawang anyo.

Mahigpit nitong hinawakan ang linyang militar na salikupin ang kalunsuran mula sa kanayunan sa pamamagitan ng hakbang-hakbang na pagbubuo ng sariling lakas at pagpapahina't paglansag sa reaksyunaryong kapangyarihan sa kanayunan kung nasaan mahina ang kawing ng paghaharing pyudal at malapyudal. Sa pagtupad sa linyang ito, matatag na isinulong ng Partido ang magkatambal na tungkulin sa armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa bilang salalayang pampulitika't pangmilitar ng itinatatag na mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa kanayunan.

Mapanlikhang humalaw at natuto ang Partido sa dakilang mga aral mula sa Rebolusyong Bolsheviks sa Rusya nina Lenin at Stalin at Rebolusyong Tsino nina Mao sa Tsina gayundin sa iba



pang matagumpay na mga rebolusyon tulad ng sa Byetnam sa pamumuno ni Ho Chi Minh. Sa ganito, naging tatak at nakilala ang ating Partido bilang masugid at konsistenteng lumalaban sa lahat ng uri ng reaksyon sa batayan ng linyang anti-imperyalista, antipasista at antipyudal at sa pagiging puspusang internasyunalista't anti-rebisyunista.

Ang natipong mga tagumpay at pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa buong kapuluan ay utang na loob ng Partido sa libo-libong martir ng rebolusyon na wagas na nag-alay ng buhay para sa dakilang simulain at sa kapuri-puri't walang-imbot na paglilingkod ng puo-puong libong matatapat na mga kadre at kasapi ng Partido, Bagong Hukbong Bayan, at nang walang-maliw na suporta ng daan-daang libong mga aktibista't kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa upang dalhin ang rebolusyong Pilipino sa panibagong tugatog sa bawat yugto ng pagsulong ng kilusan. Sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng Partido, magbigay-pugay tayo sa kanila.

KALATAS

*Ispesyal na Isyu*
*26 Disyembre 2018*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.*

*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*
*st.kalatas@gmail.com*
*balikwastk.wordpress.com*

## 50 Taon ng Mahirap at Masalimuot na Pakikibaka

Tulad ng karanasan sa ibang bahagi ng bansa, nagsimula sa kusing ang Partido sa Timog Katagalugan (TK) nang sinimulang ipunla sa hanay ng masang anakpawis ang binhi ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa kanayunan at kalunsuran. Naging tagapamandila ng mensahe ng rebolusyon ang mga produktong aktibista't kasapi ng Partido ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 na walang sawang pinukaw, inorganisa at pinakilos sa simulain at programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang masang maralita't pinagsasamantalahan kabilang ang mga positibong seksyon ng intelihensyang lungsod.

Mula sa bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryong ito, pinagpunyagiang itayo ang panimulang binhi ng mga armadong yunit ng hukbong bayan sa kanayunan ng rehiyon. Isa ang rehiyon ng Timog Luzon (na sumasaklaw noon sa Timog Katagalugan at Kabikulan) sa mga pangunahing rehiyon na binalak ng pambansang pamunuan ng Partido para sa pambansang pagpapalawak at pagpapalaganap ng pakikidigmang gerilya.

Nang inilunsad natin ang pakikidigmang gerilya sa TK, nagsimula tayo sa napakalaking disbentahe at malalaking limitasyon. Pero dahil taglay natin ang mataas na diwa at napakapambihirang determinasyon, hindi tayo nawalan ng loob sa harap ng mistulang absolutong superyuridad ng reaksyon at armadong pwersa nito.

Mula sa halos isang kusing, nagpunyagi ang Partido na pasimulan ang pagbubukas ng mga sonang gerilya sa iba't ibang dako ng rehiyon mula sa mga kadre at aktibistang napanday sa kilusang masa sa kalunsuran, sa mga beterano ng Sigwa ng Unang Kwarto at mga bagong sibol na rebolusyonaryo sa panahon ng paghaharing pasista ng rehimeng US-Marcos.

Taglay na giya ang pangkalahatang linya ng Partido sa demokratikong rebolusyon ng bayan, ang mga binhing kadre at aktibista ay masikhay na nakipamuhay sa masang anakpawis sa kanayunan at hinimok ang masang magsasaka sa demokratikong rebolusyong bayan alinsunod sa linyang antipasista at antipyudal na mahigpit na nakaugnay sa anti-imperyalismo. Malugod na tinanggap ng mamamayan sa kanayunan ang linya ng Partido at sa masalimuot at di tuwid na daan, naitayo natin ang mga sonang gerilya matapos ang paulit-ulit na proseso ng mararahas na pagsupil ng kontra-rebolusyon at muling pagbangon mula sa mga pansamantalang pinsala at kabiguan.

Puno ng rebolusyonaryong kabayanihan ang mga dakilang kabanata ng rebolusyonaryong pakikibaka ng masang anakpawis sa rehiyon. At sa bawat pagtatapos ng isang kabanata at pagbubukas ng panibago, ang Partido at Bagong Hukbong Bayan na absolutong pinamumunuan nito ang pangunahing nasa unahan ng bawat makabuluhang pagpihit ng pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang demokrasya.

Magiting na nakapangibabaw ang Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan sa di masusukat na kahirapan sa maagang mga panahon ng pagpapalaganap ng binhi ng pakikidigmang

gerilya. Dumanas ng labis na kahirapan ang mga panimulang binhing pwersa ng BHB mula sa malupit na mga operasyong paghanap at pagsupil ng mersenaryong AFP at Philippine Constabulary upang kitlin-sa-usbong ang pag-ugat ng rebolusyonaryong kilusan sa masang pinagsasamantalahan.

Sa kabila ng magkakasunod na pagkabigo sa mga unang pagtatangka na magbukas ng sona sa Laguna, Batangas, Mindoro Oriental at Cavite mula 1969-1974, matagumpay na nakapagpalawak at nakaugat ang hukbong bayan sa masang magsasaka sa dalawang magkatugong lugar – una, sa hangganan ng Quezon-Bikol (Kalayaan) at pangalawa sa hangganan ng Laguna at Quezon sa Sierra Madre (Kagitingan). Ang huli ay tuluyang nawasak noong 1975 dahil sa maling patakaran ng pagtatayo ng artipisyal na base at iba pang mabigat na pagkakamali na nagpaibayo ng mga kahirapan nang ilunsad na ng kaaway ang malakihang pagsalakay at panunupil. Higit pa, ng maling paniniwala ng mga namumuno sa larangang gerilya ng Kagitingan na di paborable ang bahaging ito ng Sierra Madre para sa pakikidigmang gerilya at batay dito, nagsagawa ng mga hakbang nang walang pahintulot ng Komiteng Rehiyon ng Timog Luzon para iwanan ang lugar at ilipat ang natitirang mga pwersang gerilya sa Mindoro (Katarungan).

Samantala, mula sa pagtataguyod ng wastong patakaran na pangunahing ikonsentra ang mga natirang pwersa sa itinakda ng KRTL na sentral na distrito bilang pangunahing pinauunlad na sonang gerilya, tuloy-tuloy na umunlad at lumakas ang pakikidigmang gerilya sa hangganan ng Quezon-Bikol na solong natira mula sa mga sinikap ipundar sa panahong ito. Matagumpay na nabuo ng Partido ang relatibong malawak na baseng masa hanggang 1977 lalo matapos gapiin ang paksyunalismo't karerismo ni Apolinario noong huling hati ng 1976 hanggang kalagitnaan ng 1977 at isaayos ang mga nagulong gawain sa tulong ng pambansang liderato ng Partido.

Mula 1979, ang hangganan ng Quezon-Bikol (QBZ) ay tuloy-tuloy na sumulong at naging ina ng mga ipinundar na mga sona at larangang gerilya sa iba't ibang panig ng rehiyon sa sumunod na mga taon. Nag-ambag ang QBZ ng mga kadre at organisador para magbukas at magpalawak sa Bondoc Peninsula at Timog Quezon noong 1978 gayundin ng halos magkakasabay na pagbubukas noong 1979 sa magkakanugnog na lugar sa Batangas at Quezon na tinaguriang Himalayas at sa Mindoro noong 1980 at 1982. Sa malaking bahagi ng mga pagsisikap na ito, gumanap ng mahalagang papel ang QBZ sa pagbibigay ng mahahalagang rekurso, tauhan at mga pagsasanay para sa mga pinauunlad ng mga sonang gerilya.

Samantala, sa parehong panahon at batay sa tagubilin ng komiteng rehiyon, hiwalay na sinikap ng organisasyon ng Partido sa Laguna na buksan para sa pakikidigmang gerilya ang balisbisan ng Banahaw at mataong kapatagang nakadikit sa Sierra Madre at ang tinawag na lower Sierra Madre na nakadikit sa Quezon. Naging matabang lupa ang mainit na pagtanggap ng masang magsasaka sa mga lugar na naging malakas ang presensya ng MASAKA-Olalia—ang bahaging tumalunton sa pambansa-demokratikong linya na nasa pamumuno ni Ka Bert Olalia at nang lumaon humiwalay at nagtakwil sa MASAKA na nasa impluwensya ng mga Lava. Masiglang tumugon ang mga lider ng una sa pag-oorganisa at muling pag-ugnay sa maraming mga lugar na may natitira pang kasapi ng MASAKA.

Sa pagtatapos ng dekada sitenta at pagbubukas ng unang mga taon ng dekada otsenta, mabilis na sumulong ang armadong pakikibaka sa rehiyon. Lalong pinabilis ito ng matinding krisis pang-ekonomya at pampulitika ng diktadurang Marcos na nagpasiklab sa iba't ibang anyo ng paglaban ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran at bumasag sa teror ng pasistang lagim.

Dahil sa desperasyon, naglunsad ang naghihingalong pasistang diktadura ng isang engrandeng kampanyang militar sa patnugot nina Heneral Fabian Ver, hepe ng AFP, Fidel Ramos, hepe ng PC at noo'y ministro ng depensang si Juan Ponce Enrile—ang Oplan Cadena de Amor—na dinisenyo para tularan ng mas engrandeng pambansang kontra-insureksyong programa na tinawag na Oplan Katatagan. Nag-ilusyon ang diktadura na padapain ang larangang gerilya sa hangganan ng Quezon-Bikol at Bondoc Peninsula-Timog Quezon sa pagkokonsentra dito ng siyam (9) na batalyong panagupa.

Magiting na nilabanan at binigo ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan ang engrandeng pakanang ito. Pinatunayan ng kasaysayan na ang Oplan Cadena de Amor at ang Oplan Katatagan na ipinatupad ng



diktador sa buong kapuluan ang huling desperadong hakbang ng naghihingalong rehimen.

Mabilis na inunahan ng pagsahol ng krisis ng naghaharing sistema ang anumang puwang at luwag sa pulitika para magmaniubra si Marcos—bagay na nag-udyok sa diktador (bunga ng pagliit ng mga pampulitikang opsyon) na magawa ang pinakamalubhang pagkakamali sa tanang buhay nito—ang ipapatay ang kanyang karibal sa pulitikang si Benigno Aquino, Jr.

Ang kombulsyong pampulitikang nahinog noong 1986 ang resulta ng pagsasalubong ng krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema na sinindihan ng asasinasyon kay Benigno Aquino, Jr. noong 1983, sa isang panig, at sa kabilang panig at sa matagalang sukatan, ng pagpapahina sa diktadura ng mga komulatibong patama ng armadong pakikibaka at ng pampulitikang opensiba ng kilusang masa sa buong bayan. Sa makasaysayang Unang Edsa ng 1986, ibinagsak ng popular na pag-aalsa at rebelyong militar si Marcos. At kasunod nito, hinawan ang mabilis na pagsulong ng mga rebolusyonaryo sa buong kapuluan.

Subalit ang mabilis na pag-abante at paglakas ng mga rebolusyonaryong pwersa ay nabalaho dahil sa pangingibabaw ng insureksyunista at putsistang linya ng mabilisang tagumpay sa buong bayan. Sa rehiyon, mula 1986-88, pinamunuan noon ng taksil na si Miel Laurenaria, nahalal na kalihim ng KRTK noong 1986, ang pagpapatupad ng maling linya ng *fast track-slow track insurrection*, tatlong pangunahing makinarya at adelantadong regularisasyon. Pagkatapos ng mga siphayo at kabiguan dahil sa maling linyang ito, hinanap naman ni Laurenaria at sandakot na mga kapural ang solusyon sa mga kabiguan at pag-atras sa pagpapatupad ng isang madugong panunugis sa mga pinaghihinalaang impiltrador na kaaway sa loob ng Partido base sa marurupok na ebidensya, hinala at sapantaha. Nilukuban ng malaking takot si Laurenaria at mga kapural nito sa multong produkto ng imahinasyon na pinaliligiran diumano ang Partido ng mga impiltrador ng kaaway—upang pagkatapos ay ibunton ang sisi na kagagawan ng mga impiltrador ang pamiminsala at kabiguan ng maling linya.

Ang mapagpasyang interbensyon ng sentral na pamunuan ng Partido at tulong ni Kasamang Armando Teng, nanungkulang kalihim ng KRTK mula 1983-85 at 1989-2000, ang nagpatigil sa kahibangan—disin sana'y mas seryoso at matagalan pa ang mga pinsala na maaaring idulot ng mapangwasak-sa-sariling kampanyang anti-impiltrasyon ng mga kapural ng OPML. Ipinailalim sa mabigat na aksyong pandisiplina ang mga pangunahing pasimuno kabilang si Laurenaria at itiniwalag sa Partido ang sandakot na tumangging magwasto. Mula noon, gumawa ng mga hakbangin sa pagtutuwid at pagpuna-sa-sarili ang buong organisasyon para di na muling maulit ang walang-katulad na paglapastangan sa mga karapatan at pagkatao ng mga kasapi ng Partido at mamamayan.

**"Hindi matatawaran ang rebolusyonaryong kabayanihan at enerhiyang ibinuhos ng mga rebolusyonaryo para biguin ang pasistang teror na pinakawalan ng bawat naghaharing papet na naluklok sa Malacañang."**

Masalimuot at maraming kumplikasyon at hamon ang hinarap ng Partido at kilusan sa TK sa 25-taong nagdaan sapul ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Mula sa malalaking pinsala at pag-atras nuong huling hati ng dekada '80 bunga ng malulubhang pagkakamali at paglihis sa linya ng Partido, nakapanaig ang wastong linya ng Marxismo-Leninismo at Maoismo laban sa mapaminsalang pananalasa ng 'Kaliwa' at Kanang opurtunistang linya ng sasandakot na taksil na naghasik ng lasong rebisyunista, anti-MLM, anti-Partido at anti-digmang bayan. Humanay ang malaking kabuuan ng Partido sa TK sa IDKP at sa mga pasya ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral—at itinakwil ang sasandakot na natangay sa rebisyunista at opurtunistang linya ng grupong Teban at ng dating NPS, gayundin ng gangsterismo at pagkabulok ng pangkatin ni Leopoldo "Hector" Mabilangan at ng pang-uuk-ok ng pangkating Kintanar/GC sa partisanong lungsod ng Maria Lorena Barros Brigade (MLBB).

Ang pananaig ng wastong linya at ang pagtatakwil sa maling linya sa loob ng Partido ang naghawan ng landas para puspusang itaguyod ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992. Ang IDKP ang mapagpasyang gumapi at nagtakwil sa maling linya ng adelantadong regularisasyon at insureksyunismong lungsod at naglatag sa matatag na pagbawi at muling pagsulong ng mga gawain na winasak ng maling linya. Mula noon, nagkamit ng malalaki at solidong tagumpay ang Partido at kilusan sa TK at sa buong bansa.

Noong 1997, nalubos ng Partido sa TK ang tagumpay ng IDKP sa buong rehiyon na rumurok sa Ikatlong Pangrehiyong Kumperensya ng Partido. Nailagay nito sa matatag na pundasyon ang rebolusyonaryong kilusan at kumprehensibong umabante ang halos lahat ng gawain. Sa humigit-kumulang isang dekadang pagsusulong ng IDKP, inabot ng rehiyon ang tuktok ng makalidad na pagsulong.

Ang wastong linya na itinaguyod ng IDKP at ng mapagpasyang

pamumuno ng Komite Sentral ang naging solidong sandigan para makapangibabaw ang Partido sa TK sa mga naging pinsala at pag-atras at muling makasulong sa panibagong antas ng kasiglahan. Ang paglulubos ng IDKP noong 1997 ang naging solidong batayan para maabot ang panibagong rurok noong 1999 at 2000.

Sa buong dekada nubenta, magiting na binigo ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan ang bawat maitim na pakanang wasakin ang haligi ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitikang naitayo nito sa kanayunan. Hindi matatawaran ang rebolusyonaryong kabayanihan at enerhiyang ibinuhos ng mga rebolusyonaryo para biguin ang pasistang teror na pinakawalan ng bawat naghaharing papet na naluklok sa Malacañang.

Dahil sa matatag na pagtataguyod sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya kaakibat ng pagtupad ng mga tungkulin sa pagtatayo ng base at rebolusyong agraryo, ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon ay patuloy na umani ng mga tagumpay sa demokratikong rebolusyon ng bayan.



Nag-ambag ang ating rehiyon ng sariling maliit na bahagi sa mga pagsulong at tagumpay ng kilusang rektipikasyon. Maingat na iginiya at pinamunuan ni Ka Armando Teng ang bawat ditalye ng pag-abante ng mga rebolusyonaryong pwersa at gawain sa rehiyon hanggang bago siya pumanaw noong Nobyembre 7, 2000.

Pagsapit ng 2004, sinaklaw ng pagkilos ng ilampung platung gerilya ng hukbong bayan ang mahigit sampung mga larangang gerilya. Sinasaklaw naman ng mga larangang gerilya ang humigit-kumulang sa 83% ng mga distritong kongresyunal sa 10 probinsya, 60% ng mga bayan at 27% ng kabuuang mga baryo sa rehiyon.

Masiglang itinataguyod ng puo-puong libong organisadong mamamayan at daan-daang libong baseng masa ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa pamamagitan ng kanilang mga rebolusyonaryong organisasyong masa, mga komite at grupong pang-organisang bayan at mga binhi ng organo ng pulang kapangyarihang pampulitika. Sinusuportahan pa ng ilang libong partaym na milisya at mga kwerpo para sa sariling pagtatanggol ang daan-daang mga pultaym na gerilya.

Ang paglakas ng rebolusyonaryong pakikibaka sa TK ay multong paulit-ulit na bumabangungot sa sinumang naghaharing rehimen na nakaluklok sa Malacañang. Kaya hindi kataka-taka na naging prayoridad ang rehiyon sa matagalang pananalakay at pagpapahina sa panahon ni Estrada at sa sumunod na mga rehimen nina Macapagal-Arroyo, at BS Aquino.

Ibayong pinaigting ang opensiba ng mga reaksyunaryong rehimeng ito na nagpatupad ng magkakasunod na kampanyang kontra-rebolusyonaryo—ang Oplan Makabayan noong 1998-1999 sa ilalim ni Estrada, Oplan Bantay-Laya I (OBL I) mula 2000-2006 at OBL II mula 2007-2010 sa panahon ng rehimeng Arroyo; at ang Oplan Bayanihan (OpBay) mula 2011-2016 sa panahong ng rehimeng BS Aquino. Mula sa katumbas na 8 batalyon ng pinagsamang pwersa ng AFP at PNP noong 1993 gradwal na nadagdagan ito sa sumunod na mga taon mula 1996 at mahigit na nadoble sa rurok ng Oplan Makabayan noong 1999. Sa pagsisimula ng 2000, nag-abereyds sa 22-25 na panagupang batalyon ng AFP at PNP ang idineploy sa rehiyon sa unang tatlong taon ng pagpapatupad ng OBL I. Pinanatili ang abereyds na bilang na ito sa pagpapatupad ng OBL II at Oplan Bayanihan sa ilalim ng pumalit na rehimeng BS Aquino.

Sa loob ng paghahari ni Arroyo, ipinatupad sa rehiyon ang patakaran ng di deklaradong batas militar. Ipinatupad ng mga kapural nitong heneral ang maduming gerang kontra-insureksyon di lamang laban sa mga pwersang gerilya at rebolusyonaryong mamamayan kundi sa mga ligal na demokratikong organisasyon, mga pwersang makabayan at mga nagtataguyod ng karapatang pantao ng mamamayan. Ang anti-komunistang panunugis ng mga pwersang militar at paramilitar sa lahat ng mga progresibo at rebolusyonaryo sa TK ay nagpapaalala sa napabantog na anti-komunistang panunugis na Operation Phoenix na ipinatupad ng US Central Intelligence Agency sa gera sa Byetnam at ang sariling madugong bersyon ng anti-komunistang panunugis ng mga panatikong vigilantes na binasbasan ni Corazon Aquino.

Labis na ininda ng mga naghaharing uri ang bawat ipinakikitang paglakas ng mga rebolusyonaryo sa TK. Kaya naman hindi naglubay ang pagsalakay at demonisasyon ng mersenaryong AFP at PNP sa mga rebolusyonaryo at progresibo sa bawat makitang opurtunidad.

Nakipagkoro sa demonisasyon ang Akbayan at mga anti-komunista't anti-Partidong grupo na kabilang sa SocDem at ang sasandakot at tira-tirahang mga kontrarebolusyonaryong taksil na itinakwil ng Partido at mamamayan. Hibang na hinahangad ng mga grupong ito ang pagkawasak ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Sa rurok ng pananalasa ni Palparan, nagpakana ang

mga anti-komunistang barkadahang ito na sirain ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa paulit-ulit na pagbuhay ng niresiklong litanya ng mga kasinungalingan at halong-kasinungalingan hinggil sa OPML. Nais nilang linlangin ang publiko sa mga hinabing kasinungalingan at mag-upat ng anti-komunistang isterya.

Bilang mga ispesyal na ahente ng rehimen at imperyalismo, naging obsesyon naman ng anti-komunismo ng mga contras ang pagwasak at panggugulo sa rebolusyonaryong kilusan sa TK at sa buong bansa. Paulit-ulit nilang binubuhay ang multo ng OPML para malisyosong ipasa ang sisi at responsibilidad dito sa mabubuting bahagi ng Partido at iligtas ang mga sariling pananagutan sa kanilang krimen sa kilusan at rebolusyonaryong mamamayan.

Nagdilang-ahas si Arroyo at mga nasa likod ng maitim na pakanang imbestigahan ng isang Truth Commission ang OPML at mga katulad para magkaroon diumano ng isang mapagpasyang pagsasara. Subalit dapat munang gumawa si Arroyo ng sariling pagtutuos sa mamamayan sa kanyang pananagutan bilang commander-in-chief ng AFP sa mga karumal-dumal na krimen at mga paglabag sa karapatang-tao ng kanyang sariling sandatahang lakas at pulisya sa panahon ng OBL alinsunod sa kanyang bersyon ng war on terror na ipinatupad ng imperyalismong US sa ilalim ni George W. Bush.

Sa unang tatlong taon pa lamang ng paghahari ni Arroyo, walumpu (80) na ang mga dinukot at brutal na pinaslang ng mga pwersang militar na kabilang sa mga ligal ng organisasyong masa, mga aktibistang para sa karapatang-tao at myembro ng mga progresibong organisasyon.

Ipinagpatuloy ni Arroyo ang patakarang terror sa batayang antas sa buong panahon ng kanyang paghahari. Ipinatupad ng mersenaryong hukbo nito ang malupit na population and resource control operations, ekstra-hudisyal na mga pagpatay, pagdukot, tortyur at iba pang karimarimarim na krimen sa populasyon sa kanayunan. Samantala, marahas na sinalakay at winasak ng mga pwersang militar at pulis ang mga welga ng mga manggagawa sa Calabarzon at brutal na sinupil ang ligal na demokratikong mga organisasyon sa kalunsuran.

May dapat na singiling utang-na-dugo sa rehimeng Arroyo dahil sa brutal na pagpaslang kina Eden Marcellana, general secretary ng Karapatan-TK, Eddie Gumanoy, tagapangulo ng KASAMA-TK, Atty. Juvy Magsino, bise alkalde ng Naujan, Oriental Mindoro at masugid na tagapagtanggol ng karapatang-tao at kasapi ng Bayan Muna, Leyma Fortu, general secretary ng Karapatan-Oriental Mindoro, Diosdado Fortuna, pangulo ng unyon ng Nestle, Noli Capulong, regional coordinator ng Bayan Muna, Choy Napoles, Oriental Mindoro Bayan Muna coordinator, Isaias Manano, Anakpawis provincial coordinator-Oriental Mindoro, Napoleon Pornasdoro, ACT-TK coordinator, Nicanor delos Santos, lider-Dumagat at tagapangulo ng MASKADA, Pastor Bong Domingo, general secretary ng Karapatan-Palawan, Adrian Alegria, coordinator ng Anakpawis party-list at sa marami pang ibang biktima ng kanyang rehimen mula sa karaniwang mamamayan.

> ***"Samantala, marahas na sinalakay at winasak ng mga pwersang militar at pulis ang mga welga ng mga manggagawa sa Calabarzon at brutal na sinupil ang ligal na demokratikong mga organisasyon sa kalunsuran."***

Nagdulot ng pansamantalang mga kahirapan at pinsala sa mga rebolusyonaryo ang tuloy-tuloy at matagalang opensiba ng kaaway. Subalit sa maraming bahagi, magiting na hinarap ito ng Partido at rebolusyonaryong kilusan at isinalin ang mga disbentahe sa larangang militar tungo sa isang sustenidong pulitikal na opensiba sa kalunsuran upang ilantad at labanan ang terorismo ng rehimeng Arroyo sa mamamayan at isulong ang malakas na kilusan para patalsikin si Arroyo. Sa isang antas, pinapurol ng mga pakikibakang bayan sa kanayunan at kalunsuran ang *focus and contain operations and campaign* ng kaaway at White Area operations ng OBL.

Sa pagkaluklok sa poder, pinantayan ng rehimeng Aquino II ang brutalidad ng rehimeng Arroyo. Ipinagpatuloy ni Aquino ang OBL ni Arroyo sa bagong katawagang Oplan Bayanihan. Kahit itinuon na sa Mindanao ang prayoridad na pansin ng OpBay, pinanatili pa rin ang mataas na deployment ng pwersa ng AFP at PNP sa TK na lampas sa itinakdang 6-10 panagupang batalyon para sa sekundaryong pokus na mga rehiyon at sa mga pangunahing prayoridad na rehiyon na may itinakdang 8-12 batalyon na deployment. Sa latag ng mga panagupang batalyon sa region IV-A at IV-B, lumalabas na walong (8) panagupang batalyon ang nasa region IV-A at anim (6) na panagupang batalyon naman ang nakapakat sa region IV-B o ng kabuuang 14 na batalyon sa buong TK. Kung gayun pumapasok ito sa lebel na mas mataas pa sa itinakdang istandard para sa mga rehiyong nasa pangunahin at sekundaryong pokus ng OpBay.

Sa panahon ni Aquino ipinatupad ang taktikang *one-on-one* kung saan ipinatupad ng 2nd IDPA at WESCOM ang konseptong isang brigada na katapat ng isang teatrong gerilya at minimum na isang panagupang batalyon na katapat ng bawat larangang gerilya. Sa buong pagpapatupad ng OpBay simula 2011, permanenteng ipinakat ang

minimum na tig-isang brigada na may 3 batalyon sa bawat erya ng digma.

Kung sa panahon ng kasagsagan ng kampanya ng OBL sa Mindoro ikinosentra ang 9 na panagupang batalyon sa isla mula 2001-2004, sa panahon ng OpBay, nasaksihan ang sinsin ng pagkonsentra ng 7 panagupang batalyon sa larangan ng SQBP noong 2012 habang sabayang pinaiigting ang pananalakay sa iba pang probinsya. Pinanatili ang 6 na batalyong pangkombat sa Mindoro, mahigit 3 ½ batalyon sa Batangas at 5 batalyon sa Palawan.

Ang mga brigada at batalyon ay malawakang naglunsad ng mga PDT/COPD alinsunod sa estratehiyang *gradual constriction* at pakikidigmang block house upang hawakan at kontrolin ang mga konsolidado at estratehikong bahagi ng mga larangan at teatrong gerilya, gipitin at alisan ng inisyatiba ang mga pwersang gerilya at itaboy sila sa mga nakaumang na bitag ala-Venus fly trap upang lipulin. Sa kabilang banda, tinarget ng mga PDT/COPD ang baseng masa ng rebolusyon. Ang mga PDT at COPD ay naghasik ng teror at panlalansi, panghahati't intriga upang sairan ng masang suporta ang hukbong bayan at kilusan at itulak ang hukbong bayan sa sitwasyong lantay-militar.

Sa kabila nito, nabigo ang hangad ng rehimen na estratehikong talunin at gawing insignipikante ang Partido at rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang panunungkulan ni Aquino. Mula 2014, nagsimulang makabawi ng lakas ang Partido at kilusan sa rehiyon at simula 2016, makabuluhan ang isinulong at naging pagbawi ng rehiyon mula sa mga pinsala. Ginabayan na ito ng mga kapasyahan ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral, ng Ikalawang Kongreso ng Partido at ng Unang Plenum ng Unang Komite Sentral ng Partido sa ilalim ng Ikalawang Kongreso.


Sa panibagong pagkakataon, hinaharap ng Partido at rebolusyonaryong kilusan ang isang tuso at tiranikong rehimeng Duterte na binabalutan ang sarili ng mga demagohikong palamuti sa paglulunsad ng walang katulad na brutalidad na gera laban sa mamamayan. Ang rehimeng ito ay nangangarap na ipataw ang panibagong pasistang paghaharing diktadura na nasa hulma ng ibinagsak na diktadurang Marcos at pasismo ni Hitler. Sinusundan ni Duterte ang bakas ng ginawang henosidyo ni Hitler laban sa mga Hudyo, komunista at demokratikong oposisyon laban sa pasismo sa ipinatutupad nitong malupit na gera laban sa iligal na droga at kriminalidad, mamamayang Moro at mga Lumad, at mga rebolusyonaryo.

Ayon sa Human Rights Watch, sa unang dalawang taon pa lamang ng paghahari ni Duterte, mahigit sa 12,000 na ang naging biktima ng ekstra-hudisyal na pamamaslang ng mga pwersang panseguridad ng estado kung saan mga suspetsadong karaniwang tulak ng droga at adik ang nagiging biktima samantalang nakakalaya at di nauusig ang malalaking *druglord* at konektadong mga protektor ng iligal na droga na nasa PNP, DILG, Bureau of Customs at ng Davao connection na kinasasangkutan ng mismong anak ni Duterte sa ismagling ng shabu. Kaya hindi malayo ang posibilidad na ang gera ni Duterte sa iligal na droga ay tabing lamang para likidahin ang kanyang mga karibal sa negosyo at solohin ng kanyang pamilya at kasapakat ang negosyo sa iligal na droga.

Walang habas na ipinag-utos ni Duterte ang pagpulbos sa Marawi City para supilin ang rebelyon ng Maute at pagkatapos iniutos naman ang pagpatag sa kabundukan at pagwasak sa komunidad ng mga Lumad para tugisin ang mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan. Tusong ginawang sangkalan ito ni Duterte para ipataw ang Batas Militar sa Mindanao at palawigin ito nang walang taning.

Pagkatapos, nagpakana na naman si Duterte at mga militaristang sina Lorenzana, Año at Esperon ng isang inimbentong Red October Plot na diumano'y sabwatan ng PKP, dilaw na oposisyong kinabibilangan ng Liberal Party, Magdalo at ni Trillanes para pabagsakin ang kanyang rehimen. Nalantad lamang ang kasinungalingang ito nang bumalandra sa kanilang mukha na ang ginawang reyd at nakumpiskang matataas na kalibreng armas ng NBI at army sa farm ng negosyanteng si Lily Ong na itinambol bilang bahagi ng Red October Plot ay dili't iba kundi awayan sa negosyo na nasa proteksyon pala ng PNP ng Teresa, Rizal at isang retiradong heneral ng PNP.

Panibago na namang naghahambog si Duterte at mga militarista na tatapusin na ang banta ng rebelyong CPP-NPA sa kalagitnaan ng 2019. Nangangarap nang gising ang rehimeng Duterte. Hinaharap ni Duterte ang ibayong mas malakas ng Partido, hukbo at rebolusyonaryong kilusan kaysa hinarap ni Marcos—isang Partido at armadong kilusan na pinanday at sinubok sa 50 taon ng mahirap at masalimuot na pakikibaka. Higit na mahina ang rehimeng Duterte kaysa rehimeng Marcos na nabigong kitlin-sa-usbong at supilin ang armadong kilusan sa pagsisimula pa lamang nito. Aanihin ni Duterte ang isang nag-iibayong lakas na rebolusyonaryong kilusan at armadong pakikibaka bago pa matapos ang kanyang sariling taning.



## Maningning na mga Tagumpay

Sa nagdaang 50 taon, matagumpay na naipunla ng Partido sa iba't ibang panig ng kapuluan ang nilalaman ng demokratikong rebolusyon ng bayan at simulain ng sosyalismo sa hanay ng masang api't pinagsasamantalahan. Niyakap ng masa ang Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang kanilang gabay para isulong ang mga adhikaing pambansa at demokratiko. Niyakap nila ito dahil sinasalamin ng ideolohiyang ito ang kagyat at pangmatagalang interes ng uring anakpawis laban sa imperyalismo, pyudalismo at pasismo at para sa pagtatatag ng bagong demokrasya at sosyalismo sa Pilipinas.

Ang MLM ang ideolohiya ng masang api't pinagsasamantalahan. Sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino, binigyan ito ng Partido ng pambansang anyo. Mapanlikhang inilapat at isinanib ng Partido ang teoryang MLM sa kongkretong kalagayan ng lipunan at praktika ng rebolusyong Pilipino. Sa kasalukuyan, patuloy na binubuklod ng pampulitikang programa ng Partido ang lumalawak na hanay ng mga demokratikong uri para itatag ang demokratikong kapangyarihan ng mamamayan at sosyalismo sa Pilipinas.

Sa mahigpit na paghawak sa armadong pakikibaka sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, naitatag ng Partido sa malawak na kanayunan ang mga organo ng pulang pampulitikang kapangyarihang bayan. Binubuklod sa ilalim nito ang daan-daang libong kasapi ng mga rebolusyonaryong samahang masa, ilang milyong baseng suporta at ilampung libong mga kasapi ng milisyang bayan at mga yunit para sa sariling pagtatanggol na matatagpuan sa mahigit isang daang mga larangang gerilya na sumasaklaw sa makabuluhang bahagi ng 17 rehiyon at 73 sa 81 probinsya ng bansa.



Sa TK, nakalatag ang mga larangang gerilya ng hukbong bayan sa mayorya ng mga lalawigan. Sinasaklaw nito ang 123 bayan at 9 na siyudad at mahigit isang libong mga baryo. Nakatayo sa makabuluhang bilang ng baryo ang binhi ng mga lokal na organo ng pulang kapangyarihan na nagbubuklod sa ilan libong milisya at kasapi ng mga yunit pananggol-sa-sarili, ilampung libong kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong pangmasa at ilandaang libong baseng suporta.

Matagumpay na isinulong ang rebolusyong agraryo at iba't ibang tipo ng kampanyang antipyudal sa balangkas ng minimum at maksimum na layunin ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa. Patuloy na pinakikinabangan ng daang libong pamilyang magsasaka ang mga tagumpay sa rebolusyong agraryo sa anyo ng pagpapababa ng upa-sa-lupa, pagpapataas ng presyo ng mga produktong-bukid, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang-bukid, at pag-alis sa madayang kaltas sa mga komersyanteng operasyon.

Sa saklaw ng rehiyon, ilampung libong ektarya na ng lupang PML ang ipinailalim sa maksimum na programa ng libreng pamamahagi ng lupa kung saan nagbenipisyo ang ilampung libong pamilya ng mga maralitang magsasaka at katutubong mamamayan. Sa mga lugar na sinulungan ng rebolusyong agraryo, hakbang-hakbang nang naitatatag ang mga simpleng anyo ng kooperasyon sa pagsasaka at palitan-ng-paggawa para sa pagpapaunlad ng produksyon.

Sa nakaraang dalawang taon, isinulong natin ang iba't ibang tipo ng kampanyang anti-pyudal at iba pang kampanyang masa. Pinaglingkod ito sa pagpapasigla ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at sa pagpapabilis ng pagpapalawak, pagrereaktiba at pagkokonsolida ng baseng masa. Ipinakita ng karanasan na ang may pinakamasiglang resulta ng gawaing pagpapalawak ay nasa mga lugar na may masiglang lokal na pakikibakang inilulunsad sa balangkas ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa at iba pang isyu ng mamamayan. Sa mga pakikibakang ito, naipagtagumpay na mapababa ang upa-sa-lupa sa nyugan mula 60-40 pabor sa PML tungong 70-30 pabor sa magsasaka matapos alisin ang gastos sa kawit,

tapas at hilada. Naitaas rin ang sahod ng manggagawang bukid sa nyugan, naokupa ang ilang lupain, naitaas ang presyo ng produktong bukid at matagumpay na naalis ang ilang iligal na kaltas sa pagbebenta ng kopra. Patuloy na tinatamasa ng ilampung libong magsasaka sa rehiyon ang natipong mga tagumpay sa rebolusyonag agraryo sa nakaraang mga taon. Ang pinakamatatag na baseng masa na naipundar at patuloy na napreserba at napalakas hanggang sa ngayon ay resulta ng mga nakamit na tagumpay sa rebolusyong agraryo sa nakaraan.

Sa kalunsuran, patuloy na isinulong ng Partido sa TK ang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal na kilusang masa. Patuloy na pinaunlad natin ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa at ng iba pang maralita sa kalunsuran kabilang ang hayag na kilusang magsasaka gayundin ng kilusan ng mga demokratikong uri't sektor tulad ng sa kabataang estudyante, kababaihan, tsuper, guro at maliliit na kawani ng gubyerno, taong simbahan, manggagawang pangkalusugan at iba pang maimpluwensyang seksyon ng petiburgesyang lungsod. Pinamunuan ng Partido ang mga pakikibakang pang-ekonomya, pangkagalingan at pampulitika ng mga uri't sektor na ito sa kalunsuran.

Hinikayat ng Partido ang aktibong paglahok ng mga progresibong pwersa at organisasyon sa kalunsuran sa paglulunsad ng iba't ibang kampanyang masa na itinatambol hanggang sa NCR. Aktibo rin ang mga militanteng organisasyon sa paglalantad at paglaban sa pasista at papet na rehimeng Duterte sa anyo ng mga protesta at aktibong sagutan sa propaganda.

Mataas ang prestihiyo ng Partido sa hanay ng masang manggagawa at uring anakpawis sa kalunsuran at sa hanay ng petiburgesyang lungsod bilang tanging konsistente sa paglaban at pagsusulong ng kanilang interes at mga kahilingan. Bunga nito, naipundar natin ang kilusang lihim ng Partido at di- Partido sa kalunsuran na nagsisilbing matibay na bag-as ng rebolusyonaryong paglaban sa mapaniil na estado ng malalaking kumprador, asendero at burukratang kapitalista.

Nakamit at napangalagaan ng Partido ang mga tagumpay na ito dahil hindi natin binitiwan ang linya ng armadong pakikibaka at matagalang digmang bayan sa demokratikong rebolusyon. Patuloy nating binuo ang hukbong bayan bilang pangunahing organisasyon sa pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika at pagdurog sa kaaway.

**"Mataas ang prestihiyo ng Partido sa hanay ng masang manggagawa at uring anakpawis sa kalunsuran at sa hanay ng petiburgesyang lungsod bilang tanging konsistente sa paglaban at pagsusulong ng kanilang interes at mga kahilingan."**

Mahigpit na hinawakan ng Partido ang turo ni Kasamang Mao Zedong na "sa dulo ng baril nagmumula ang kapangyarihang pampulitika." Kung wala ang hukbong bayan at armadong pakikibaka na isinusulong nito, hindi magtatamasa ang mamamayan ng tunay na kapangyarihang pampulitika sa kanayunan—sa pamamagitan ng kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Kahit hindi pa man naipagwawagi ang rebolusyon sa buong bayan, ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika na itinatayo sa iba't ibang antas at saklaw ay gumagampan na ng mga tungkulin sa pamamahala at umiiral sa malawak na bahagi ng bayan ang dalawang kapangyarihan – isang rebolusyonaryo at isang reaksyunaryo. Tumutulong ang hukbong bayan sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa pagtupad ng iba't ibang tungkulin sa gubyernong rebolusyonaryo.

Sa abot ng makakaya, patuloy tayong nagpunyagi sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim na suportang masa. Sa alinmang panahon ng paglaban sa mga kontra-rebolusyonaryong kampanya ng kaaway, inilunsad ng hukbong bayan ang maraming taktikal na opensiba na patama sa ulo at katawan ng palalong kaaway. Mula 1997-2006, nilipol ng mga pwersang gerilya ang katumbas sa dalawang batalyon ng kaaway sa mga opensiba at depensibang labanan. Sa pagitan naman ng 2012-2015, nalipol ang katumbas ng isang batalyon na tropa ng mersenaryong hukbo. At mula naman 2016-2017, nalipol ang 164 na tropa ng kaaway mula sa 108 na naganap na labanan sa saklaw ng rehiyon kung saan ang 70 dito ay mga aksyong opensiba ng NPA at nagkumpiska sa 104 na sandata na iba't iba ang kalibre.

Makabuluhan ang naging pagsulong ng sandatahang pakikibaka sa rehiyon sa nagdaang isa't kalahating taon. Muling napasigla ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at naitaas ang opensibang kakayanan ng hukbo sa inilunsad na mga kampanyang militar. Mahusay na idinirehe ng Partido ang tamang timpla, dalas at kumplementasyon ng iba't ibang aksyong militar ng

mga teatro at larangang gerilya. Mula Enero 2017 at unang hati ng 2018, nailunsad ang 124 na aksyong militar kabilang ang 108 na taktikal na opensiba at 16 na aksyong pamamarusa. Nakumpiska ang 77 riple at 50 pistola. Sa kaparehong panahon, sa 152 naganap na labanan, napinsala ang 244 na mersenaryong tropa (138 KIA at 106 WIA) at winasak ang 13 sasakyan ng kaaway at mahigit Php50 milyong nasirang ari-arian ng mga kaaway-sa-uri.

Muling nakapagpalakas ang hukbong bayan mula sa mga pinsala ng OBL I at II at OpBay. Mula 2005, lumaki ang kasapian ng BHB sa rehiyon nang 82% sa nagdaang 13 taon. Mula nang inilunsad natin ang rektipikasyon, lumaki ang kasapian ng BHB sa rehiyon nang 59% sapul 2015 at 46% sapul 2016.

Ang paglakas ng popular na suportang masa na tinatamasa ng Partido at armadong kilusan ay salaminan at ekstensyon ng paglakas ng pulang kapangyarihang pampulitika sa mga kanayunang saklaw ng ating mga sona't larangang gerilya at ng pagsigla ng rebolusyonaryong kilusang masa. Habang hindi binibitiwan ng Partido ang linya ng demokratikong rebolusyon at ang linyang antipyudal bilang pangunahing nilalaman ng pakikibakang magsasaka, hindi masasaid ang balon ng magtataguyod ng armadong pakikibaka.

Sa direksyon ng Partido patuloy na nakapagpapalakas ang Bagong Hukbong Bayan sa mahigpit na pagtupad ng tatlong magkakambal na tungkulin nito sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, pagtatayo ng base at pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Ito'y di lamang isang matatag na pwersa para sa paglaban kundi malakas na angklang pwersa sa produksyon at sa gawaing pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Sa pagtataguyod sa linya ng antipyudal na nagkakaisang prente, pinukaw at pinakilos ng Partido't hukbong bayan ang pinakamalaking pwersang masa sa kanayunan para sa demokratikong rebolusyon ng bayan at nilikha nito ang malawak at malalim na base para sa sustenidong pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Patuloy din nating binubuo ang pambansang nagkakaisang prente at ang NDF at mga alyadong organisasyon nito bilang pinakakonsolidadong bahagi ng mga pormasyong nagkakaisang prente. Mapanlikha nating itinaguyod ang rebolusyonaryong dalawahang taktika at mga taktikang nagkakaisang prente't alyansa para kabigin ang pinakamalawak na hanay ng mga alyado't progresibo laban sa pinakasagad-saring kaaway ng mamamayan at target ng rebolusyon. Ginamit at ipinatupad natin ito sa mga isinulong na kampanyang masa at kilusang talsik laban kay Estrada, Arroyo at Aquino at sa kasalukuyang kilusang talsik laban sa tiraniko at pasistang paghahari ni Duterte.

Ginabayan ng mga patakarang nagkakaisang prente ang wastong pakikitungo sa reaksyunaryong eleksyon at usapang pangkapayapaan. Epektibo nating nagamit ito para papurulin ang kampanyang pagwasak ng base na ipinatupad ng rehimeng Arroyo at Aquino sa rehiyon sa panahon ng OBL at OpBay sa pamamagitan ng mga inilunsad na kampanyang antipasista't anti-imperyalista. Sa pamamagitan ng wastong patakaran at taktikang nagkakaisang prente't alyansa, napanatili ang mataas na inisyatiba sa pulitika ng mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa at naging pleksible sa taktika ng pagkabig sa marami at paghihiwalay sa pangunahing kalaban ng rebolusyon.

Patuloy nating binuo at pinalakas ang Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa loob ng 50 taon, matagumpay na umugat ang Partido sa hanay ng masang manggagawa, magsasaka, kabataang estudyante, kababaihan at iba pang demokratikong uri sa lipunan. Patuloy tayong nakapagsanay ng mga kadre ng Partido na tumatayong bag-as ng pamumuno sa iba't ibang antas ng organisasyon at may sapat na pagkakaunawa sa MLM at bihasa't pinanday ng pakikibaka.

Ang ating Partido sa rehiyon ay patuloy na nagpapanibagong lakas at sigla mula sa mga bago at batang elementong lumitaw sa kilusang masa at proseso ng pagsulong ng armadong kilusan. Sila ang garantiya na ang rebolusyon ay magpapatuloy tungo sa tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan at sosyalismo sa Pilipinas.



# Maaliwalas na Hinaharap at ang ating mga Tungkulin

Ang mga komulatibong tagumpay ng Partido at rebolusyon sa nakaraang 50 taon ay sapat na nagbibigay ng kumpyansa na tanawin ang mas malalaking pagsulong sa darating na mga taon. Tungkulin nating harapin ang mga hamon ng panahon sa susunod na tatlong taon upang dalhin ang kasalukuyang yugto ng digmang bayan sa panibago at mas mataas na antas.

Nasa panig ng rebolusyon ang mga obhetibo at suhetibong kalagayan para makamit ang mga itinakdang target sa 5-taong programa para sumulong ang digmang bayan mula gitna tungong abanteng subyugto ng estratehikong depensiba at sa bungad ng estratehikong pagkakapatas. Mabilis na nahihinog ang krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas tungo sa panibagong kumbulsyon. Higit na pinabibilis at pinasasahol ito ng krisis ng pandaigdig na monopolyo kapitalismo at ng mapait na neoliberal na reseta ng imperyalismong US sa Pilipinas na lalong magbubulid sa lipunang Pilipino sa pagiging atrasado, agraryan at pre-industriyal.

Sa harap ng mga kalagayang ito, tupdin natin ang kagyat at matagalan nating mga tungkulin:

**1. Pagkaisahin ang pinakamalawak na hanay ng mga pwersang demokratiko upang labanan at ibagsak ang tiranikong rehimeng Duterte.**

May batayan na buuin ang isang malawak na nagkakaisang prenteng anti-Duterte para ibagsak o patalsikin ito sa poder. Sa maikling panahon, inilantad ni Duterte ang sarili bilang pasista at tiraniko na nagkukubli sa maka-'Kaliwa' at makamahirap na mga boladas. Mabilis niyang inani ang popular na galit dahil sa madugong gerang inilulunsad nya laban sa mamamayan. Sa tabing ng gera laban sa iligal na droga, walang alinlangan niyang ipinag-utos at inupatan ang korap na pulisya na magpaligsahan sa paggawa ng maramihang pagpaslang sa mga pinaghihinalaang tulak at adik kapalit ng pabuya.

Kanyang itinaguyod ang madugong gera laban sa mamamayang Moro at rebolusyonaryong kilusan. Inudyukan ang pagpatay sa mga aktibista at lider ng mga progresibong organisasyon. Inengganyo ang pag-aabusong sekswal sa kababaihan ng mga sundalo at pulis. Walang pakundangang binastos ang mga mananampalatayang Kristiyano. Sinalaula ang sariling burges na mga institusyon at proseso ng kamay-na-bakal na pamamalakad. Isinuko ang soberaniya at pambansang integridad sa dayuhang kapangyarihan. Kinandili at hinayaang malaya ang mga sangkot sa ismagling ng iligal na droga kabilang ang kanyang anak at kapamilya. Sa halip na kastiguhin at panagutin ang mga pinuno ng Customs na nagpasok ng tone-toneladang droga sa bansa, kanya pa itong inilagay sa mas mataas na katungkulan at binigyan ng prestihiyosong pusisyon sa kanyang gabinete. Ilan lamang ang mga ito sa mahabang listahan ng kabangkarotehan ng rehimen at sapat ang kadahilanan na hilingin at itulak ang pagpapatalsik sa kanya ng mamamayan..

**2. Isulong ang masiglang pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista**

Ilunsad natin ang mga kampanyang masa laban sa lumalaking banta ng pasismo at batas militar mula sa rehimeng Duterte. Ilunsad din ang mga pakikibakang bayan laban sa neoliberal na patakaran ng US sa Pilipinas. Dapat na mariing tutulan ang pagyurak ng China sa soberanya at teritoryal na integridad ng bansa sa West Philippine Sea (WPS) gayundin ang interbensyon ng US sa panloob na mga usapin ng Pilipinas. Dapat na singilin ang rehimeng Duterte sa pagsuko nito sa soberanya ng bansa sa *exclusive economic zones* ng Pilipinas sa WPS kapalit ng pautang ng China para sa programang "Build, Build, Build" ng rehimen, sa isang panig; at sa pangangayupapa nito sa interes ng US sa Pilipinas, sa kabilang panig.

Dapat kondenahin ang rehimeng Duterte sa kawalan ng programa sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Dapat na ilantad ang kapabayaan nitong paunlarin ang agrikultura ng bansa at magkaroon ng seguridad sa pagkain sa halip na iasa sa importasyon ng butil, pagkain at iba pang produktong agrikultural na pumipinsala sa lokal na produksyon sa agrikultura.

Kaugnay nito, isulong natin ang malawak na kilusang masa para sa libreng pamamahagi ng lupa na pag-aari ng malalaking asendero, kumprador-burgesya at dayuhang negosyo sa Pilipinas para sa mga magsasakang wala at kulang sa mabubungkal na lupa. Sa paligid ng kilusang ito, paunlarin natin ang iba't ibang laban ng masang magsasaka laban sa pangangamkam ng mga debeloper, malalaking minahan at plantasyon, at anti-mamamayang proyekto ng reaksyunaryong gubyerno na nagmamaskarang para sa kaunlaran.

**3. Isulong at magpunyagi sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim na suportang masa.**

Dapat na palawakin at konsolidahin ang mga larangang gerilya bilang mga batayang yunit sa pakikidigmang gerilya. Buksan at tayuan ng mga sona at larangang gerilya ang lahat ng distritong kongresyunal na maaaring lunsaran ng pakikidigmang gerilya.

Sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya, ilunsad ang mga labanang madaling tinatapos at iwasan ang mga labanang hindi lubos na napaghandaan at hindi tiyak ang panalo. Bigyan ng pansin ang pagkumpiska ng sandata mula sa kaaway sa mga labanang anihilatibo. Ilunsad ang mga atritibong operasyon bilang suplementaryo sa mga labanang anihilatibo at batay sa ispesipikong layunin sa loob ng mga planong pang-operasyon at pangkampanya.

Sa kasalukuyang yugto, pinauunlad natin ang ilang elemento ng regular na pakikidigmang makilos sa gitna ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Alinsunod dito, itinatayo natin ang mga bertikal na pormasyong gerilya sa antas ng rehiyon, subrehiyon at probinsya upang maging angklang pangmilitar ng maraming nakadispers na yunit na naggagawaing masa at higit na mas maraming yunit milisya na naglulunsad ng pakikidigmang gerilya ng masa. Dapat na mulat na paunlarin ang wastong balanse ng pagbubuo ng mga bertikal at horisontal na pwersang gerilya batay sa pinauunlad na istruktura ng pwersa sa mga teatro at larangang gerilya.

Dapat na pagsikapang tuloy-tuloy na itaas ang mapandurog na kapasidad ng hukbong bayan. Dapat na sanayin ito sa iba't ibang tipo ng operasyong pangkombat sa ilalim ng iba't ibang kalagayan upang mapaunlad ang inisyatiba at pleksibilidad sa aktwal na mga labanan. Dapat na linangin ang mataas na mapanlabang diwa nito at sanaying maging mapamaraan sa paghahanap ng bawat opurtunidad para bigwasan ang palalong kaaway na sumasalakay sa ating base.

Dapat na palakasin ang iba't ibang andana at daloy ng kumand mula sa rehiyon, subrehiyon/probinsya, at larangang gerilya hanggang sa mga yunit-kumand alinsunod sa prinsipyo ng isang sentralisadong estratehikong kumand sa antas ng rehiyon/bansa at desentralisadong kumand sa antas ng mga kampanya at labanan.

Sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba dapat na tiyaking nangingibabaw ang mga layuning pampulitika. Dapat magtamasa ng papalaking suporta mula sa mamamayan ang bawat taktikal na opensiba na inilulunsad ng hukbong bayan. Mangyayari ito kapag lehitimo, may sapat na pampulitikang preparasyon, napapanahon, makatwiran at makatarungan ang basehan ng mga inilulunsad nitong taktikal na opensiba at pamamarusa.

Ang bawat taktikal na opensiba ng hukbong bayan ay isang pamamahayag sa pulitika na kailangang umani ng paborableng opinyong publiko di lamang sa loob ng bansa kundi sa arenang internasyunal. Kung wala ang mga elementong ito o mayorya ng mga elemento ito sa pulitika, makasisilip ng puwang ang mga pwersang kontra-rebolusyonaryo at anti-komunista na siraang-puri ang Partido, hukbong bayan at pambansa-demokratikong kilusan sa mata ng mamamayan at malawak na opinyong publiko.

**4. Buuin at palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at linangin ang mataas na pag-asa-sa-sarili**

Magrekrut ng paparaming bilang ng mga boluntaryo para sa hukbong bayan mula sa uring manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan at iba pang positibong pwersa ng rebolusyon. Paramihin ang rekrut mula sa mga manggagawa at mga kabataang intelektwal upang palakasin ang pampulitikang bag-as ng mga yunit ng hukbo.

Pamalagiang tungkulin ng Partido na linangin ang hukbong bayan sa isang di magagaping hukbo—isang hukbo na mataas ang diwa sa sakripisyo at paglilingkod sa mamamayan; isang hukbo na handang sumuong sa lahat ng kahirapan at panganib para maipagtagumpay ang misyon; at isang hukbo na mataas ang makauring kamalayan at panday sa pakikipaglaban.

Salungat sa ganitong katangian ang pagiging pasibo at kampante, nagsasariling kilos, kawalang-sigla at kasigasigan, mababang disiplina at bulagsak, pagiging pabaya sa mga tungkulin, pabara-bara at patumpik-tumpik sa pagtalima sa atas ng nakatataas na kumand.

Kailangang linangin ng hukbong bayan ang mataas na pag-asa-sa-sarili. Dapat nitong palitawin ang sariling pangangailangan sa araw-araw mula sa masikhay na gawaing masa at gawaing produksyon. Kapag malawak ang masa at alyadong nilalanguyan, hindi magiging problema ng hukbo ang pansustento sa pang-araw-araw.

Kailangang laanan ng panahon ang regular na pagsasanay sa pulitiko-militar, pagdaraos ng mga kumperensya sa gawaing militar at pampulitika ng hukbo, pakikipag-aralan ng mga upisyal at mandirigma sa isa't isa, at pag-aaral sa teorya at praktika ng digmang bayan. Kailangang gawin ito habang lumalaban. Dapat na matutunan ang mga kaparaanan kung papaano magpapalakas habang lumalaban—at papaano lumaban habang nagpapalakas.

Dapat na itaas ang pagsasanay ng mga milisyang bayan at mobilisahin sila sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya ng masa bilang katuwang ng mga buong panahong pwersa ng larangan. Buuin ang militia coordinating command sa kulumpon ng mga baryo o sa antas ng seksyon at subseksyon at palahukin sila sa pagbubuo ng plano para sa

depensang panlarangan. Pakilusin din ang mga yunit milisya at mga kwerpo sa sariling pagtatanggol, sa mga gawain para sa suportang-kombat at iba pang tungkulin sa rear at area defense .

**5. Lutasin ang suliranin ng masang magsasaka sa lupa. Ipatupad ang minimum at maksimum na layunin sa reporma sa lupa ng rebolusyunaryong kilusan**

Dapat na ilunsad ang iba't ibang tipo ng kampanyang antipyudal sa saklaw ng mga sona't larangang gerilya ng hukbo. Planuhin sa minimum ng kulumpon ng mga baryo ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo batay sa minimum at maksimum na layunin nito.

Ilunsad ang mga pakikibaka para ibaba ang upa-sa-lupa, itaas ang sahod sa mga manggagawang-bukid, itaas ang presyo ng produktong bukid sa farm gate, at pawiin ang komersyanteng usura at iba pang pandaraya para manipulahin ang bentahan ng mga produktong magsasaka. Ilunsad din ang mga kampanya para isulong ang iba't ibang anyo ng simpleng kooperasyon, kampanya para sa kalinisan, edukasyon at pagpapataas ng produksyon.

Sa mga lugar at lokalidad na narating na ang isang antas ng lawak at konsolidasyon ng baseng masa at batay sa nabuong lakas ng hukbong bayan, simulan na ang selektibong pamamahagi ng kinumpiskang lupa mula sa malalaking panginoong maylupa tungo sa mga maralitang magsasaka na kulang o walang lupang binubungkal.

**6. Palawakin at konsolidahin ang baseng masa ng rebolusyon at itayo ang mga lokal na organo ng pulang kapangyarihang pampulitika**

Ang malawak at konsolidadong baseng masa ang salalayan ng digmang gerilya na malaganap at masinsin. Mahaharap ang mga pwersang gerilya sa labis na kahirapan at mawawalan ng inisyatiba kapag mababaw at makitid ang sinasalalayang suportang masa oras na ipailalim sa matagalang focus operations ng kaaway ang mga larangang gerilya. Pamalagiang tungkulin ng Partido at mga yunit ng hukbo na bigyan ng diin ang mga tungkulin sa pagpapalawak ng baseng masa at eryang saklaw habang nagbibigay ng pansin sa konsolidasyon. Dapat na lutasin ang labis na pagkahuli ng gawaing konsolidasyon sa mga lugar na matatagal nang kinikilusan. Kailangang lutasin ang matagal na pagkabalaho ng mga organisasyong masa sa mababang antas ng mga grupo at komiteng pang-organisa sa mga lugar na dekada nang kinikilusan.

Pinatunayan sa ilang abanteng karanasan na mabilis lamang na naitatayo ang mga ganap na samahang masa sa antas ng munisipyo at distrito sa pagtawag ng mga kumperensya sa rebolusyong agraryo na dinadaluhan ng mga lider at kinatawan ng kilusang magsasaka mula sa mga kulumpon ng baryo upang buuin ang pambayan o pandistritong balangay, ihalal ang kanilang mga lider at planuhin ang pagsusulong ng mga labang antipyudal batay sa pinagkaisahang demanda at listahan ng mga kahilingan. Sa proseso ng mga naisulong at naipagtagumpay na laban ng kilusang magsasaka, mabilis na nasisinsin ang pagbubuo ng mga ganap na samahang masa sa mga baryo sa saklaw ng isang bayan at distrito. Sa proseso din ng mga laban, lumilitaw ang bago at maaasahang mga lider ng kilusang magsasaka at napadudulas ang paglikha ng kalagayan para sa paglitaw ng mga lokal na organong pampulitika ng mamamayan sa baryo.

Ang baseng masa na binubuo natin sa kanayunan ay binubuo ng Partido, mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Makitid ang mabubuong pamumuno at impluwensya sa mamamayan kapag hindi nabubuklod ang kanilang pagkilos sa ilalim ng pamamahala ng mga lokal na organo ng pulang kapangyarihang pampulitika at kung hindi naitataas ang rebolusyonaryong organisasyon ng mga mamamayan sa antas pambayan, distrito o larangang gerilya at probinsya.

**7. Buuin ang isang malakas na Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.**

Mapangahas na palawakin ang Partido nang di pinapapasok ang isa mang di kwalipikado.



Kailangang paramihin nang ilang ulit ang kasalukuyang kasapian sa pagtatapos ng programa. Maramihang magrekrut mula sa mga manggagawa, magsasaka at kabataang nakapag-aral. Iwasto at bakahin ang pagpapabaya, sektarismo at pagsasara ng pinto. Ibukas ang pinto ng Partido sa mga aktibistang lumilitaw at napapanday sa gitna ng mga pakikibaka.

Patuloy tayong magsanay ng bagong tangkas ng mga lider at kadre ng Partido para sa iba't ibang antas ng pamumuno. Kailangang pagsanibin ang galing at kakayahan ng mga batang kadre sa mga relatibong makaranasan at maalam sa MLM sa bumubuo ng mga komite ng Partido. Garantiya ito na patuloy na magpapanibagong-lakas at sigla ang pamunuan ng mga komite ng Partido sa iba't ibang antas.

Kailangang tuloy-tuloy na itaas ang kaalaman sa teorya ng MLM ng kasapian ng Partido at sanayin sila sa pamamaraan ng simpleng pamumuhay at mahirap na paggawa ng isang Komunista. Maramihang ilunsad ang mga pag-aaral sa batayan, intermedya at abanteng kurso ng Partido. Ang tatlong antas ng edukasyon sa Partido ay nagsisilbing balangkas kung papaano sistematikong sasanayin ang kasapian nito sa teorya at kaparaanan ng MLM.

Patuloy na paunlarin ang diwa ng pagiging kritikal-sa-sarili ng kasapian at mga komite ng Partido. Sa mga pulong ng komite, kinikilatis at sinusuri ang rebolusyonaryong praktika, gumagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa natukoy na mga kahinaan at kakulangan—at alinsunod dito, gumagawa ng mga resolusyon upang iwasto ang mga kamalian. Lumalakas at nahihinang ang solidong pagkakaisa ng Partido dahil bukas itong matuto sa mga pagkakamali at laging hinahangad ang mataas na pamantayan na itaguyod ang interes ng mamamayan at simulain ng rebolusyon.

